H E K A S I 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

# SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



# PROYEKTO: PANGALAGAAN ANG MGA LIKAS NA YAMAN


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# PROYEKTO:
# PANGALAGAAN ANG MGA LIKAS NA YAMAN



## ALAMIN MO

**Floating Hospital, dinala na sa Quezon**

Tumulak na patungong lalawigan ng Quezon ang “floating hospital” ng Philippine Coast Guard (PCG) upang magbigay ng tulong medical sa mga naging biktima ng bagyong Winnie at Yoyong.

Sinabi ni PCG Spokesman Lt. Armand Balilo, na lulan ng mini-floating hospital ang kumpletong kagamitang medical upang mabigyang lunas ang mga tinamaan ng sakit partikular na sa mga lugar na hindi nararating ng mga doktor dahil sa patuloy na pagbaha sa iba’t-ibang lugar.

Maliban pa rito, may maliit ding surgery room ang naturang floating hospital kung saan maaring magsagawa ng operasyon sa mga biktimang nasa bingit ang buhay.

Kumpleto rin umano ang barko ng mga gamot, volunteer doctors, nurses at mga *medical assistants* na aalalay sa mga pangangailangang medikal ng mga sinalanta ng mga nagdaang bagyo.

Bukod dito, may mga dala ring mga relief goods ang mga tauhan ng PCG na ipamamahagi sa mga biktima ng kalamidad.

- Basahin ang nilalaman ng balita. Tungkol saan ang balita.  Ano ito? Sa paanong paraan isasagawa ng pamahalaan ang pagbibigay ng tulong sa mga biktima ng bagyo?  Bakit may mga proyektong tulad ng nasa balita

- Sa pag-aaral ng araling ito, matututuhan mo kung paano nakikilahok ang sambayanang Pilipino sa mga gawain, proyekto o kilusan para sa pangangalaga sa teritoryo at likas na yaman ng bansa.




## PAGBALIK-ARALAN MO

Ito ang Barangay Malinis. Angkop ba ang pangalan ng barangay?

Tulungan mo ang mga mamamayan na humanap ng 10 bagay na dapat iwasto at mailagay sa tamang lugar upang maging malinis at ligtas ang barangay na ito.

Lagyan mo ng tsek (✓) ang lugar na gagawin mong malinis.



## PAG-ARALAN MO

Namamasid na natin ang mga nangyayaring kapinsalaan sa ating kapaligiran. Gusto mo bang magpatuloy ito? Marahil ang isasagot mo ay hindi. Kung gayon ano ang nararapat nating gawin?

Basahin mo ang mga patalastas tungkol sa mga proyektong mahalaga sa teritoryo at likas na yaman ng bansa.




Sa ating paaralan at pamayanan ay may mga kilusan at mga programang pangkapaligiran tulad ng Alay Linis, Alay Tanim, Bantay Kalikasan at iba pa na maaari nating lahukan. Kung tulung-tulong ang mga mamamayan at kusa ang pagbibigay ng paglilingkod ay maganda ang magiging resulta. Sasariwa ang ating paligid at nagiging kasiya-siya ang ating panirahan.



Ang mga mag-aaral at iba pang mamamayan ay maaari ring mag-isip ng iba pang mga paraan upang manumbalik ang kasaganaan ng ating mga likas na yaman tulad ng pakikiisa sa kanyang laban sa polusyon na dala ng mga pabrika ay pagawaan.




Ang pamahalaan ay patuloy na nagpapatupad ng mga batas tungkol sa kalikasan at iba pang mga proyektong nakapagpapaganda ng ating kapaligiran.

Naglulunsad din ng mga paligsahan upang mapasigla ang kampanya sa kalinisan ng paligid.

Isa pa ring programa nito ang pagbibigay ng pag-aaral tungkol sa kaalamang teknikal para sa kapakinabangan ng mangingisda, magsasaka at iba pa.


Naunawaan mo ba ang iyong binasa?

Magaling!

Sagutin mo muna ang tanong bago ka magpatuloy sa iyong pag-aaral.

"Anu-ano ang mga programang pangkapaligiran?"

Tingnan ang semantic web sa ibaba. Isulat mo ang iyong sagot sa kuwadernong sagutan upang mabuo ang semantic web.




- May iba't-ibang paraan pa upang masagip ang ating kalikasan at kapaligiran. Gusto mo bang malaman ang mga ito?
- Basahin at unawain mo naman ang nilalaman ng mga balita.

‘**Lingkod-linis’** sa Bulacan

Malolos, Bulacan – Pinasimulan na ng pamahalaang panlalawigan ng Bulacan ang programang “Lingkod-Linis” at “Sinop-Kalat” sa pamamagitan ng paglilinis sa mga kailugan at mga sapa-sapaan sa bawat bayan ng lalawigang ito upang maturuan ang mga mamamayan dito na maging masinop at mapagmahal sa kalikasan.  Ang pagsisimula ng naturang programa ay sinimulan at pinangunahan ni Bulacan Gov. Josie M. dela Cruz, sa Plaridel, kung saan ay sumakay mismo ang gobernador sa bangka upang pangunahan ang paglilinis sa Angat River.

Ang mga local officials dito, maging si Vice Gov. Rely Plamenco, ay masiglang nakikiisa sa programang pangkalinisan kung saan ang bise gobernador ay nagpapakita ng ehemplo na kahit sila ay hahawak ng walis bilang mga lingkod-bayan.

‘**Luntiang Pilipinas’,** inilunsad

Isinagawa sa Mamplasan Interchange sa pangunguna ni Senadora Loren Legarda Leviste, pangulo ng Trees for Life Foundation Inc., ang seremonya ng “Luntiang Pilipinas” sa pakikipagtulungan ng Philippine National Construction Corporation (PNCC), kamakailan sa naturang bayan.

Ito ay isang malawakang programa sa pagtatanim ng puno na naglalayon na makagawa ng forest parks sa urban areas partikular na sa mga bayan at munisipalidad, ang naturang pagtatanim ng puno ay makatutulong upang maiwasan ang madaliang pagbaha.

Layunin din ng naturang programa na maitaas at mabigyang halaga ng mga Pilipino ang pagtatanim ng puno upang maging maganda at kapaki-pakinabang para sa ating bansa.

Samantala, nakiisa ang pamahalaang bayan ng Biñan sa pangunguna ni Mayor Hermis “Boy” Perez kasama sina Konsehal Rading Almazora, Biñan Information officer Jose Calata at iba pang kagawad at punong-bayan.

Ayon kay Mayor Perez, labis siyang nasiyahan sa ganitong klase ng proyekto na naging matagumpay sapagkat marami ang nakiisa.  Dagdag pa niya na dapat umanong pagtuunan ng pansin at bigyang halaga ang ating kapaligiran. Sa gayon ay maiwasan ang madaling pagbaha at madagdagan ang mga puno na nagpapaganda sa ating kapaligiran na kaugnay din naman sa kasalukuyang proyekto ni Perez na “Clean and Green” na kanya nang nasimulan.

- Anu-ano pa ang mga programa o proyekto ng pamahalaan tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran? Ibigay ang mga layunin ng bawat isa.

Gawing gabay ang tsart sa ibaba.

| Programa/Proyekto | Layunin |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |

**Ang bigas ay buhay!**

Magkabalikat na inilunsad kahapon ng grupo ng mamamahayag at educators ang isang malawakang kampanya na pagpapahalaga sa bigas sa Kapihan, sa Sulo Hotel, Quezon City.

Ito ay tinatawag na "Integrated RICE (Rice Information Communication and Education Campaign ng MEDIA Advocacy Network Phils.

Ang rice awareness campaign ay dinaluhan ng ilang mga piling tagapagsalita na sina Mr. Zac Sarian, Chairman ng RMAN; Dr. Santiago R. Obien, Executive Director ng PHILRICE; Dr. Glenn B. Gregorio, Project Scientist, IRRI; Mr. Bejamin D. Javier, Director ng Public Affairs, NFA; Dr. Emil Q. Javier, Chairman, Asia Rice Foundation; Dr. Edita T. Burgos, President, PHEA.

Isang paraan ang naturang kampanya ng pagbibigay kaalaman sa masa ng mga problema na dinaranas ng mga magsasaka, siyentista, teknolohista, at iba pang gawain na pagpapalago ng industriya ng bigas sa pamamagitan ng midya at institusyong pang-edukasyon.

Nakatutok sa dalawang bahagi ay RICE campaign ang impormasyong at komunikasyon.

Nakiisa rin sa kampanyang ito ang Philippine Home Economics Association (PHEA) bilang katuwang ng RMAN upang maimulat ang mga kabataan sa maraming kabuluhan at kahalagahan ng bigas.


Inaasahang magkakaroon ng panibagong pandama at pang-unawa ang mga mamamayan sa naglalahong sakahan, iwasan ang kakulangan sa bigas, at itaguyod ang palay bilang haligi ng kinabukasan na may kasapatan sa pagkain.

Sagutin mo naman ito.

1. Ano ang RICE CAMPAIGN?
2. Ano ang pinahahalagahan ng kampanyang ito?
3. Anu-ano ang mga layunin ng pangangampanyang isinasagawa?
4. Makatutulong ba ito sa kabuhayan ng mga mamamayang Pilipino? Paano?

Ngayon, sang-ayon ka ba na “Ang bigas ay Buhay”? Sa iyong pagsagot, gamitin mo ang mga dahon ng palay ng grapikong presentasyon na nasa ibaba. Pagkatapos isulat mo sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

Magagawa mo kaya?



Rehabilitasyon, relief operations; pinabilisan pa

Pinalabas kahapon ng Malakanyang ang kambal na utos tungkol sa pagpapabilis ng relief operations at rehabilitasyon ng mga pininsala ng bagyong Unding, Violeta, Winnie at Yoyong.

Sa kanyang pagbabalik sa mga bayan ng Quezon na labis na sinalanta ng kalamidad, iniutos ng Pangulo sa mga pamahalaang lokal na ihanda ang mga rehabilitation plans ng mga apektadong bayan ng Real, Infanta at Gen. Nakar na winasak ng nasabing mga bagyo.

Iniutos din ng Pangulo sa iba't-ibang ahensiya ng gobyerno na pabilisin ang relief operations sa maraming nagugutom ng mga biktima ng kalamidad. Ang utos ay ipinaabot niya kina Quezon Governor Wilfrido Enverga at Vice Gov. Jayjay Suarez.

Kasabay nito, iniutos din ni Health Secretary Manuel Dayrit na bantayan ang kalusugan ng mga biktima ng kalamidad sa iba't-ibang evacuation centers sa bansa.

Ang mga medical teams ay 24 na oras na nakatalaga sa mga evacuation centers upang mahadlangan ang pagsingaw ng mga sakit na nakukuha sa maruming kapaligiran, maruming tubig, kontaminadong pagkain, sabi ni Dayrit.

Iniulat din na marami na ang nagkakasakit na mga bikitima, ayon kay Maj.Gen Pedro Cabuay, chief ng Southern Luzon Command.


Tungkol saan ang balita?

Ano ang kambal na kautusan na pinalabas ng Malakanyang sa balita?

Sa paanong paraan isasagawa ng ahensiya ng pamahalaan ang pagtulong sa mga sinalanta ng kalamidad?

Bakit totoong inagapan ng pamahalaan ang pagtulong sa mamamayan na naapektuhan ng kalamidad?

Isulat mo sa “Concept Organizer” ang tulong ng pamahalaan sa mga nasalanta ng kalamidad.



## PAGSANAYAN MO

Isulat ang T kung tama ang isinasaad ng pangungusap at M kung mali.

1. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagkakalat at pagtatapon ng dumi sa dagat.

2. Ipinagbabawal ng pamahalaan ang panghuhuli ng ibon sa “open season”

3. Dapat tayong manghimok ng mapasigla ang wastong pagyari at maparaang paggamit ng kahoy sa paggawa ng produktong kahoy.

4. Ang pagkakaroon ng mahigpit na 16,000 ektaryang sukat ng palaisdaan sa lawa ay mahigpit na ipinagbabawal ng pamahalaan.

5. Ang paggamit ng dinamita sa panghuhuli ng isda upang kumita ng malaki ang mangingisda ay pinahihintulutan ng pamahalaan.

## TANDAAN MO

- May mga ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga at nangangasiwa sa yamang likas.
- Mahalaga ang pakikilahok ng mamamayan sa pangangalaga ng ating kapaligiran.

## ISAPUSO MO

Ang mga mamamayan at pamahalaan ay tulong-tulong sa pakikilahok sa mga programang pangkapaligiran. Ikaw bilang munting mamamayan paano ka nakikiisa sa proyekto sa inyong pamayanan.

Sagutin ang tseklis. Lagyan ng (✓) kung gaano mo ito kadalas ginagawa.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Hindi |
|---|---|---|---|
| 1. Itinatapon ko ang basura sa tamang lalagyan. | | | |
| 2. Gumagamit kami ng kemikal sa pamuksa ng mga lamok at langaw. | | | |
| 3. Tumutulong ako sa paglilinis sa mga sulok ng bahay. | | | |
| 4. Nagwawalis ako ng aming bakuran. | | | |
| 5. Inaalis ko ang tubig na nakalagay sa salalayan ng paso. | | | |

B. 1. Suriin ang sinagutang tseklis. Ano ang masasabi mo sa iyong mga sagot?
2. Nasiyahan ka ba? Bakit?
3. Mayroon bang hindi mo talaga kayang gawin? Alin ito?



## PAGTATAYA

Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit tinatakdaan ng pamahalaan ang pagmimina sa bansa? Upang____________.
    a. maiwasan ang polusyon
    b. maiwasan ang pang-aabuso sa mga minahan
    c. mabawasan ang mga minero
    d. mabawasan ang gastusin ng pamahalaan

2. Ang mga programang pangkapaligiran na makakatulong sa pagsagip sa kalikasan ay _____________.
    a. Alay Tanim
    b. Bantay Kalikasan
    c. Lingkod Linis
    d. lahat ng nabanggit

3. Ang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa ating kapaligiran ay _____________.
    a. DOT
    b. DOH
    c. DEPED
    d. DENR


4. Ang mga sumusunod ay paglilingkod na ibinibigay ng pamahalaan maliban sa ______________.
    a. pagtatanim muli ng puno sa kagubatan
    b. paglulunsad ng paligsahan sa kalinisan
    c. pagbibigay ng programa sa pag-aaral ng kaalamang teknikal
    d. pagpapahinutlot ng paggamit ng dinamita sa pangingisda


5. Paano magagamit ang mga likas na yaman nang maingat at wasto?
    a. magtulungan ang mamamayan at pamahalaan upang mapangalagaan ang kapaligiran
    b. ipagwalang bahala ang nakikita sa kapaligiran
    c. kumilos nang mabilis upang kumita nang malaki
    d. makisama sa mga gumagawa ng illegal

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Makipag-ugnayan sa gawain sa araling EPP o sa nakatatanda na may kaalaman sa gagawing proyekto sa pamayanan sa inyong tahanan.

Magmasid sa pamayanan kung sino ang gumagamit ng basurahan at kung sino ang nakalilimot. Gumawa ng mga paalala para sa kanila.





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.